## Paghahanda sa Emerhensya

**Gumawa ng emergency plan (plano sa emerhensya):** alamin kung sino ang tatawagan, saan pupunta at kung ano ang dadalhin.

**Mag-empake ng emergency kit:** isama ang tubig, meryenda, ekstrang damit, isang first aid kit, at mga kopya ng mahahalagang dokumento.

**Manatiling may alam:** tingnan ang mga alerto sa pamamagitan ng Emergency WA sa www.emergency.wa.gov.au o makinig sa inyong lokal na istasyon ng radyo ng ABC.

**Tumawag para sa tulong kung kinakailangan:**

- Tumawag sa **000** para sa Bumbero, Pulis o Ambulansya
- Serbisyong Pang-emerhensya ng Estado sa **132 500** para sa mga serbisyo sa peligro o pagliligtas (hazard or rescue services).

Tip: Gamitin ang Emergency+ app upang ibahagi ang iyong lokasyon sa GPS sa isang emerhensya



## Kapaki-pakinabang na Impormasyon sa Pakikipag-ugnayan

**Mga Serbisyong Pang-emerhensya 000**
Ipaalam sa operator kung hindi ka nagsasalita ng Ingles at ikokonekta ka niya sa isang tagasalinwika.

WA Police Force
(hindi apurahang tulong ng Pulis) **131 444**

Crime Stoppers (hindi apurahan) **1800 333 000**
**www.crimestopperswa.com.au**

**Lungsod ng Stirling 24/7 na Serbisyo ng**
Ranger **(08) 9205 8555**
Mga Patrol ng Komunidad **1300 365 356**

Serbisyong Pang-emerhensya ng Estado **132 500**

Department of Fire and Emergency Services (DFES) **13 33 37**

Hotline sa pag-uulat ng Graffiti **1800 44 22 55**
**www.goodbyegraffiti.wa.gov.au**

---

Pinahahalagahan namin ang input ng aming mga residenteng may magkakaiba-ibang kultura at wika. Kung mayroon kang mga ideya upang mapabuti ang kaligtasan sa inyong komunidad, ipaalam sa amin sa pamamagitan ng **www.stirling.wa.gov.au/contact-us**

Kung kailangan mo ng tulong sa ibang wika, tawagan ang **Pambansang Helpline ng Serbisyo sa Pagsasalinwikang pasulat at Pagsasalinwikang pasalita sa 131 450** para humiling ng interpreter sa telepono.

---

City of Stirling
City of Choice


**Administration Centre** 25 Cedric Street Stirling WA 6021
**Telepono** (08) 9205 8555
**Mga pagtatanong** www.stirling.wa.gov.au/enquiries
**Web** www.stirling.wa.gov.au | /citystirlingwa


Ang impormasyong ito ay available sa mga alternatibong format kapag hiniling. Mangyaring makipag-ugnayan sa Customer Contact Center sa (08) 9205 8555.

Filipino

City of Stirling
City of Choice

# Kaligtasan Muna

Isang mapagkukunan para sa mga komunidad na may magkakaiba-ibang kultura at wika




Magkasamang lumikha ng mas ligtas at maunlad na komunidad

Ang Lungsod ng Stirling ay nakatuon sa pagpapaunlad ng isang ligtas at nakakaengganyong kapaligiran para sa lahat. Ang gabay na ito ay nilikha upang magbigay ng mahahalagang impormasyon tungkol sa kaligtasan sa ating komunidad na may magkakaiba-ibang kultura at wika (CALD - culturally and linguistically diverse).



## Mga Patrol ng Komunidad (Community Patrol)

**Gumagana sa anumang oras sa araw o gabi, ang aming mga opisyal ng Community Patrol:**

- Makipagtulungan sa WA Police Force upang makipagpalitan ng mahalagang impormasyon tungkol sa kaligtasan
- Subaybayan at iulat ang mga insidente ng graffiti, bandalismo, at antisosyal na pag-uugali
- Mag-alok ng inakmang payo sa kaligtasan sa mga residente
- Subaybayan ang mga sistema ng pagsubaybay upang matugunan ang kahina-hinalang aktibidad
- Tumugon sa mga pangangailangan ng komunidad tulad ng mga reklamo sa ingay at mga lokal na alalahanin.

## Serbisyo sa Pagmamasid sa Bakasyon

Kung magbabakasyon ka, makakatulong ang mga patrol officer ng Lungsod na panatilihing ligtas ang iyong ari-arian sa pamamagitan ng mga random na pagsusuri sa pagsubaybay (random surveillance checks).

**Paano mag-apply**

Tumawag sa 1300 365 356, bisitahin kami online, o mag-apply nang harapan. Ang mga aplikasyon ay dapat gawin nang hindi bababa sa dalawang linggo bago ang iyong pag-alis.

**Sundin ang mga mungkahing ito upang mapangalagaan ang iyong tahanan habang wala ka:**

- Pansamantalang ipahinto ang paghahatid ng iyong sulat at hilingin sa kapitbahay na kunin ang mga padala habang wala ka
- Gumamit ng mga timer-based na ilaw para magmukhang may tao sa iyong bahay
- Iwasang mag-post ng mga detalye ng iyong biyahe sa social media
- Ligtas na mag-imbak ng mahahalagang bagay at tanggalin sa saksakan ang mga hindi kinakailangang appliance.

## Mga Ranger

**Ang aming mga Ranger ay nakatuon sa pagpapanatiling ligtas at maayos ng komunidad sa pamamagitan ng:**

- Pamamahala ng mga pagpaparehistro ng alagang hayop at pagtiyak na maging responsableng nagmamay-ari ng alagang hayop
- Iniimbestigahan ang iligal na pagtatapon at pagkakalat ng basura
- Pagsusulong ng pagiging handa sa sunog sa pamamagitan ng pag-inspeksyon sa mga firebreak
- Pag-alis ng mga inabandunang sasakyan at pagsubaybay sa mga aktibidad sa off-road
- Pag-regulate ng paradahan upang hikayatin ang kaligtasan at madaling pag-access para sa lahat.

## Responsableng Pagmamay-ari ng Alagang Hayop

**Ang pagiging responsableng may-ari ng alagang hayop ay nag-aambag sa isang mas ligtas na komunidad. Sundin ang mga hakbang na ito upang matiyak ang kaligtasan at kagalingan ng iyong mga alagang hayop at ng komunidad:**

- Irehistro, i-microchip, i-sterilise at bakunahan ang iyong alagang hayop
- Tiyakin na ang iyong aso ay nagsusuot ng mga tag ng pagpaparehistro at may tali (leash) sa mga pampublikong lugar.

## Kaligtasan sa Kalsada at Paradahan

**Mga tip sa paradahan:**

- Sundin ang lahat ng karatula at batas sa pagparada
- Huwag harangan ang mga daanan ng tao, daanan ng sariling sasakyan, o pumarada sa mga pinagbabawal na lugar
- Tiyaking nakaparada ang iyong sasakyan nang hindi bababa sa 10 metro ang layo mula sa mga intersection.

**Kaligtasan ng bata malapit sa mga kalsada:**

- Bago tumawid, huminto, tumingin sa magkabilang direksyon, makinig sa paparating na trapiko, at isipin ang kaligtasan
- Palaging hawakan ang kamay ng mga bata kapag malapit sa mga kalsada o sasakyan
- Siguraduhing magsuot ng helmet at matibay na sapatos ang mga bata habang nagbibisikleta, nag-i-scooting, o nag-i-skateboard.



Tip: Ang pinakaligtas na pinto para lumabas ng sasakyan ang mga bata ay ang pinakamalapit sa gilid ng bangketa (kerb) na kilala bilang Safety Door.